

**Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad
Mga Alituntunin sa Pagpopondo ng
Provider para sa Pagsunod
Taon ng Pananalapi 2018-19**



Department of Developmental Services

Oktubre 2018

Talaan ng mga Nilalaman

I.	Kaunting Kaalaman	2
II.	Mga Konsepto ng Provider	2
III.	Mga Nararapat na Provider	3
IV.	Proseso ng Pag-aapply	3
V.	Mga Tanong	5
VI.	Mga Kalakip	
	A – Setting/Mga Serbisyong Tinukoy sa Plano ng Buong Estado para sa Paglipat	
	B – Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan sa Sentrong Panlalawigan	
	C – Form ng Konsepto	

Kaunting Kaalaman

Noong Enero 2014, ang pederal na mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ay naglabas ng mga panghuling regulasyon o mga tuntunin, para sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS)¹. Hinihiling ng mga tuntunin na ang mga programa ng HCBS na pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid (tinatawag na Medi-Cal sa California) ay bigyan ang mga indibiduwal na may mga kapansanan ng kumpletong access sa mga benepisyo ng paninirahan sa komunidad at magbigay ng mga serbisyo at suporta sa mga setting na isinasama sa komunidad. Maaaring kasama rito ang mga pagkakataong maghanap ng trabaho sa mga setting na mapagkumpitensiya at isinasama, kontrolin ang mga personal na mapagkukunan, at sumali sa komunidad sa parehong antas bilang mga indibiduwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo ng panlalawigang sentro. Nakatuon ang mga tuntunin ng HCBS sa katangian at kalidad ng mga karanasan ng mga indibiduwal at hindi lamang ang mga setting kung saan ibinibigay ang mga serbisyo.

Bilang pagkilala na ang ilang tagabigay ng serbisyo ay kailangang gumawa ng mga hakbang sa pagbabago ng kanilang mga serbisyo para sumunod sa mga tuntunin ng HCBS bago ang Marso 2022, ang 2018 na Batas para sa Budget (SB 840, Kabanata 29, 2018 na Batas para sa Budget) ay naglalaman ng \$15 milyon para pondohan ang mga kinakailangang pagbabago.

Mga Konsepto ng Provider

Inaanyayahan ang mga tagabigay ng serbisyo na mag-apply para sa mga pondo sa pamamagitan ng mga sentrong panlalawigan at ang lahat ng isinumiteng konsepto ay ipapasa sa Department of Developmental Services (Kagawaran) kapag natanggap ang mga ito. Ang mga sentrong panlalawigan ay kailangang gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpopondo, bagaman ang panghuling pag-apruba ay gagawin ng Kagawaran. Ang mga proyekto na nangangailangan ng maraming taon para makumpleto, karagdagang pagpopondo, o na magresulta sa pagtugon sa ilan, ngunit hindi lahat, ng mga tuntunin ng HCBS, ay isasaalang-alang.

Kinakatawan ng mga tuntunin ng HCBS ang malaki at pangbuong sistemang pagbabago sa paraan na ibinibigay ang mga serbisyo. Dahil sa lawak ng saklaw ng mga tuntunin, hinihikayat ang mga provider na magsumite ng mga konsepto na nagbibigay ng kakaiba at makabagong daan sa pagsunod. Ang pagpopondo ay maaaring gamitin para sa mga opsyon sa mas mahusay na pagbibigay ng serbisyo, at nilalayong tulungan ang programang makamit ang pagsunod, salungat sa pagpapalawak ng dati nang serbisyo. Mayroon dapat malinaw na kaugnayan sa pagitan ng hinihiling at ang hinihiling ng pederal na kasalukuyang hindi sinusunod. Dapat ipakita ng mga konsepto kung paano maaapektuhan ng hiniling na pagbabago sa serbisyo ang mga indibiduwal sa pagbibigay ng mas maraming pagpipilian o mga opsyon at mga pagkakataon sa komunidad.

¹ <https://www.medicaid.gov/medicaid/hcbs/index.html>

Mga halimbawa ng dati nang pinondohang mga konsepto:

- Ang pakikipag-ugnayan at impormasyon hinggil sa mga tuntunin ng HCBS sa mga consumer at mga miyembro ng kanilang mga team na nagbibigay ng suporta.
- Sinusuportahan ang mga consumer sa higit pang mas magkakahiwalay na basehan para itaguyod ang pagsama sa komunidad at trabaho.
- Inuuna ang mga kagustuhan ng mga consumer at ginagamit ang feedback ng consumer sa paggawa ng konsepto.
- Pagbibigay ng sertipikasyon ng sanayin ang trainer sa pagpapalano/pag-iisip na nakatuon sa tao at pagsasanay tungkol sa mga tuntunin ng HCBS.

Mga Nararapat na Provider

Ang mga tagabigay ng mga serbisyo sa mga setting na tinukoy sa Pambuong Estado na Plano ng Paglipat sa California (California Statewide Transition Plan) (Kalakip A) na hindi sumusunod sa mga tuntunin ng HCBS ay maaaring nararapat para sa pagpopondo.

Proseso ng Pag-aapply

Maraming yugto at mga takdang panahon na nauugnay sa proseso ng pag-aapply para sa pondo. Ang mga konseptong isinumite sa mga sentrong panlalawigan pagkatapos ng petsang binanggit sa ibaba ay maaaring hindi nararapat para isaalang-alang.

1. Ang mga provider ay dapat magsumite ng nakumpletong mga konsepto sa mga sentrong panlalawigan bago ang Disyembre 14, 2018.
2. Ang mga sentrong panlalawigan ay dapat magsumite sa Kagawaran ng nakumpletong mga konsepto at pagsusuri bago ang Enero 18, 2019.
3. Susuriin ng Kagawaran ang mga konsepto at aabisuhan ang mga sentrong panlalawigan tungkol sa mga napiling konsepto bago ang Marso 15, 2019.
4. Ang mga sentrong panlalawigan at mga provider na napili ang mga konsepto ay maaaring pumasok sa isang kasunduan na kontrata.

Isumite ang Konsepto ng Provider bago ang Disyembre 14, 2018

Ang mga tagabigay ng serbisyo ay kailangang magsumite ng nakumpletong form ng konsepto (Kalakip C) sa itinalagang taong dapat kontakin para sa bawat sentrong panlalawigan (Kalakip B) para isaalang-alang para sa inisyal na pag-apruba. Ang form ng konsepto ay dapat may kasamang:

- Nakumpletong pagsusuri ng pagsunod ng provider sa setting ng vendor, serbisyo o suporta na tumutukoy at naglalarawan sa kung aling mga kinakailangan sa setting ng HCBS ang hindi natutugunan;
- Pangalan ng vendor, numero ng vendor, pangunahing sentrong panlalawigan, uri/code ng serbisyo at bilang ng mga consumer na pinaglilingkuran ng vendor;
- Ang provider man ay nakaraang tumatanggap ng pondo ng HCBS;

- Maikling paglalarawan ng serbisyo/setting, kabilang ang mga hadlang sa pagsunod sa mga tuntunin ng HCBS;
- Tukuyin kung alin sa mga pederal na kinakailangan ng HCBS ang kasalukuyang hindi sinusunod na tutugunan ng konsepto;
- Isang salaysay/paglalarawan ng konsepto, kabilang ang pagpapatunay para sa paghiling ng pondo at paliwanag kung paano makakamit ang pagsunod sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng konsepto;
- Paglalarawan ng kung paano isinama ng vendor ang mga indibiduwal na binibigyan nito ng mga serbisyo sa proseso ng paggawa ng konsepto;
- Kung natutugunan ng konsepto ang mga hindi natutugunan na pangangailangan ng serbisyo o mga pagkakaiba ng serbisyo;
- Tinantiyang budget at nakatakdang panahon para sa proyekto na tumutukoy sa lahat ng pangunahing gastos;
- Ang hiniling na buong halaga; at,
- Isang plano para sa tuloy-tuloy na pagpapanatili.

Bago ang pagsusumite ng konsepto, ang mga sentrong panlalawigan at mga provider ay hinihikayat na pag-usapan ang mga detalye ng proseso ng pagpopondo, pati rin ang mga opsyon na magkakaroon ang mga inaprubahang provider para sa pagsusumite ng mga invoice at pag-claim ng mga pondo ng proyekto sa pamamagitan ng kanilang sentrong panlalawigan.

Pagsusumite ng Sentrong Panlalawigan sa Kagawaran bago ang Enero 18, 2019

Ang mga sentrong panlalawigan ay dapat isumite ang lahat ng nakumpletong konsepto at mga pagsusuri sa sumusunod na email address, kasama ng mga rekomendasyon sa pagpopondo at ang basehan para sa mga rekomendasyon: HCBSregs@dds.ca.gov.

Ang mga sentrong panlalawigan ay dapat ipadala ang mga konsepto sa Kagawaran sa ayos nang pagkakatanggap ng mga ito mula sa mga provider. Para sa mga form ng konsepto na hindi kumpleto, dapat makipagtulungan ang panlalawigang sentro sa vendor para isumite ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Pakitandaan, para sa mga provider na namamahala sa mga programa na maraming numero ng vendor, maaaring magsumite ng isang form ng konsepto at pagsusuri, basta't naaangkop ang plano sa lahat ng nakalistang mga numero ng vendor. Kung mangangailangan ng karagdagang panahon ang sentrong panlalawigan para sa pagsusuri, maaaring humiling sa Kagawaran ng karagdagang panahon. Maaaring humiling ng karagdagang impormasyon ang Kagawaran mula sa mga provider o mga sentrong panlalawigan, gaya ng kinakailangan.

Sa pagsusuri ng mga konsepto, gagamit ang Kagawaran ng proseso batay sa puntos para makatanggap ang bawat konsepto ng patas, walang kinikilingan at may nilalayong pagsusuri. Kabilang sa proseso ng pagsusuri ng konsepto ang, ngunit hindi limitado sa, pagsasalang-alang ng:

- Pagiging kumpleto ng konsepto;

- Ang kaugnayan sa pagitan ng kahilingan at hinihiling ng pederal na kasalukuyang hindi sinusunod;
- Mga rekomendasyong ginawa ng sentrong panlalawigan;
- Pagsasaalang-alang na ibinigay sa mga provider na hindi nakatanggap ng pondo sa mga nakaraang taon ng pananalapi;
- Pagiging malikhain o kakaiba ng konsepto;
- Pagpapalawak sa mga kasalukuyang pagsusumikap para sa pagsunod;
- Ang pamamaraan ng provider sa paggawa ng konsepto na nakatuon sa tao;
- Mga pangangailangan na hindi natutugunan o mga pagkakaiba-iba;
- Plano para sa pagpapanatili;
- Tinatantiyang budget at nakatakdang panahon ng iminungkahing plano;
- Pagiging available ng pangkalahatan o iba pang serbisyo sa heograpikong lokasyon na iyon;
- Ang kakayahan ng konsepto na magresulta sa mas mabuting pagsunod; at,
- Pagtanda ng mga kalahok sa lugar.

Pagbibigay ng abiso sa mga Napiling Konsepto bago ang Marso 15, 2019

Aabisuhan ng Kagawaran ang mga sentrong panlalawigan tungkol sa mga konseptong napili para bigyan ng pondo.

Paggawa ng Kontrata

Ang mga konseptong napili ng Kagawaran ay mangangailangan ng kasunduan ng kontrata sa pagitan ng sentrong panlalawigan at tagabigay ng serbisyo, kasama ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Mga detalye hinggil sa proyekto, kasama ang mga partikular na detalye sa kung paano gagamitin ang pagpopondo para dagdagan ang pagsunod sa mga hinihiling ng pederal;
- Mga detalye sa kung paano gagamitin ang mga mungkahi ng consumer sa paggawa at pagpapatupad ng proyekto;
- Detalyadong budget para sa proyekto;
- Takdang panahon ng proyekto na tinutukoy ang mahahalagang pangyayari;
- Mga pamamaraan ayon sa kalidad at dami para malaman ang pag-usad tungo sa pagsunod sa mga hinihiling ng pederal; at,
- Pangangailangan ng pag-uulat sa panlalawigang sentro na gagawin nang tuwing tatlong buwan sa isang taon tungkol sa pag-usad sa pagpapatupad ng proyekto, kasama ang pag-usad na nauugnay sa mahahalagang pangyayari at pag-usad sa pagsunod sa mga hinihiling ng pederal.

Mga Tanong

Mangyaring idirekta ang anumang tanong sa HCBSregs@dds.ca.gov.

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
MGA SETTING/SERBISYO NA TINUKOY SA PLANO NG BUONG ESTADO
PARA SA PAGLIPAT**

- Maliit na Pampamilyang Tahanan
- Pampamilyang Tahanan para sa Pangangalaga ng Bata
- Pang-umagang Programa para sa Nasa Hustong Gulang
- Panggrupong Tahanan
- Pasilidad na Nagbibigay ng Pantahanang Pangangalaga para sa Matatanda
- Pasilidad na Nagbibigay ng Pantahanang Pangangalaga para sa Nasa Hustong Gulang
- Pasilidad na Nagbibigay ng Pantahanang Pangangalaga sa Nasa Hustong Gulang para sa Mga Taong mayroong Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan
- Pasilidad sa Pang-umagang Pangangalaga ng Bata
- Pasilidad sa Pang-umagang Pangangalaga ng Nasa Hustong Gulang
- Programa ng Pagsasanay para Isama sa Komunidad
- Programa ng Pagsasanay para sa Pakikisalamuha
- Programa para sa Gawain
- Programa sa Pamamahala ng Pag-uugali
- Provider ng Pagsasanay sa Komunidad
- Sentro para sa Aktibidad
- Sentro para sa May Kapansanan na Nasa Hustong Gulang
- Sentro para sa Pang-umagang Pangangalaga ng Bata
- Sentro para sa Pang-umagang Pangangalaga ng Nasa Hustong Gulang
- Sentro para sa Pang-umagang Suporta para sa Nasa Hustong Gulang
- Serbisyo ng Suporta para sa Mga Aktibidad sa Komunidad
- Sertipikadong Pampamilyang Tahanan
- Suportadong Trabaho (Mga Serbisyo sa Grupo)
- Tahanan ng Pamilya ng Nasa Hustong Gulang
- Tahanan para sa Foster na Pamilya
- Tahanan para sa Pagtuturo ng Pamilya

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
IMPORMASYON PARA MAKONTAK ANG PANLALAWIGANG SENTRO NG
PAGPOPONDO SA PAGSUNOD NG HCBS**

Sentrong Panlalawigan	Taong Kokontakin	Email Address
Sentrong Panlalawigan ng Alta California	Andrew Ponce	aponce@altaregional.org
Sentrong Panlalawigan ng Central Valley	Tamara Salem	tsalem@cvrc.org
Sentrong Panlalawigan ng Eastern Los Angeles	Maribel Garcia	margarcia@elarc.org
Sentrong Panlalawigan ng Frank D. Lanterman	Sonia Garibay	sgaribay@lanterman.org
Sentrong Panlalawigan ng Far Northern	Julie Jones	jjones@farnorthernrc.org
Sentrong Panlalawigan ng Golden Gate	Kate Russell	krussell@ggrc.org
Sentrong Panlalawigan ng Harbor	Rose Samaniego	rose.samaniego@harborrc.org
Sentrong Panlalawigan ng Inland	Dalila Balderas	dbalderas@inlandrc.org
Sentrong Panlalawigan ng Kern	Armondo Cordova Cherylle Mallinson	acordova@kernrc.org cmallinson@kernrc.org
Sentrong Panlalawigan ng North Bay	Ashley McConnell	ashleym@nbrc.net
Sentrong Panlalawigan ng North Los Angeles County	Evelyn McOmie	emcomie@nlacrc.org
Sentrong Panlalawigan ng East Bay	Fructuoso Menchavez	fmenchavez@rceb.org
Sentrong Panlalawigan ng Orange County	Arturo Cazares	acazares@rcocdd.com
Sentrong Panlalawigan ng Redwood Coast	Cindy Claus-John	cclaus-john@redwoodcoastrc.org
Sentrong Panlalawigan ng San Andreas	Ann Sieber	asieber@sarc.org
Sentrong Panlalawigan ng South Central Los Angeles	Evelyn Galindo	evelyng@sclarc.org
Sentrong Panlalawigan ng San Diego	Carol Campbell	carol.campbell@sdr.org
Sentrong Panlalawigan ng San Gabriel/Pomona	Lourdes Sanchez	lsanchez@sgprc.org
Sentrong Panlalawigan ng Tatlong County	Diva Johnson	djohnson@tri-counties.org
Sentrong Panlalawigan ng Valley Mountain	Patricia Green	pgreen@vmrc.net
Sentrong Panlalawigan ng Westside	Pamela Arturi	pamelaa@westsiderc.org

Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS) FORM NG KONSEPTO

Tinitiyak ng mga tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS) na may kumpletong access ang mga taong may kapansanan sa, at natatamasa ang mga benepisyo ng paninirahan sa komunidad sa pamamagitan ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta sa pipiliin nilang pinagsamang mga setting. Upang tumulong sa pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa pagpopondo para sa pagsunod, dapat kumpletuhin ng mga provider ang pagsusuring ito. Kailangan ng pagpapaliwanag sa parehong mga sagot na “Oo” at “Hindi”. Ang tugon na “Hindi” ay maaaring mangangahulugang ang setting ng serbisyo ay hindi sumusunod sa mga tuntunin ng HCBS at maaaring karapat-dapat para sa pagpopondo para gumawa ng mga kinakailangang pagbabago. Kapag nakumpleto ang pagsusuring ito, dapat magsilbi ito bilang gabay para punan ang konsepto ng pagpopondo para sa pagsunod ng provider, na kailangan para sa sinumang provider para maging karapat-dapat sa pagpopondo para sa pagsunod. **Ang pagkumpleto sa pagsusuring ito ay para lamang sa layunin ng pag-aapply para sa pagpopondo para sa pagsunod at hindi pinapalitan ang darating na mga pagtatasa ng provider na maaaring hilingin ng Kagawaran para matukoy ang pagsunod ng provider sa mga tuntunin ng mga setting ng HCBS. Ang mga provider lamang na humihiling ng pagpopondo para sa pagsunod ang kailangang kumumpleto ng pagsusuring ito.**

Ang mga Pederal na Kinakailangan na #1-5 ay naaangkop sa mga provider ng lahat ng serbisyo, kasama ang mga setting na pantahanan at hindi pantahanan. Ang mga Pederal Kinakailangan na #6-10 ay mga karagdagang kinakailangan na naaangkop lamang sa pagmamay-ari ng provider o mga kontroladong setting na pantahanan.

Ang hanay na may label na “Gabay” ay naglalaman ng mga serye ng mga tanong na naglalayong tulungang kilalanin ang pagsunod o hindi pagsunod sa bawat kinakailangan gaya nang pagiging nauugnay nito sa mga tuntunin ng HCBS. Habang ang mga pagtugon sa mga tanong na ito ay makakatulong sa pagtukoy kung natutugunan o hindi ang partikular na kinakailangan, ang mga pagtugon na ito ay maaaring hindi lang ang dahilan sa pagtukoy na ito.

Makikita ang higit pang impormasyon sa mga tuntunin ng HCBS at ang form na ito sa www.dds.ca.gov/HCBS.

Maaaring idirekta ang mga tanong sa HCBSregs@dds.ca.gov.

(Mga) Petsa ng Pagsusuri: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.	Kinumpleto ni: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.
Pangalan ng Vendor, Address, Contact: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.	
Numero ng Vendor: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.	
Uri ng Serbisyo at Code: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.	

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO**

Hinihiling ng Pederal #1:

Ang setting ay isinasama at sinusuportahan ang kumpletong access ng mga indibiduwal na tumatanggap ng Medicaid HCBS sa mas malaking komunidad, kasama ang mga pagkakataong maghanap ng trabaho at magtrabaho sa mga setting na mapagkumpitensya at isinasama, kabilang ang pamumuhay sa komunidad, kontrolin ang mga personal na mapagkukunan, at tumanggap ng mga serbisyo sa komunidad, sa parehong antas ng pag-access bilang mga indibiduwal na hindi tumatanggap ng Medicaid HCBS.

Gabay:

- Tumatanggap ba ang mga indibiduwal ng mga serbisyo sa komunidad batay sa kanilang mga pangangailangan, kagustuhan at kakayahan?
- Lumalahok ba ang indibiduwal sa mga outing at mga aktibidad sa komunidad bilang bahagi ng kanyang plano para sa mga serbisyo?
- Kung gustong maghanap ng indibiduwal ng may bayad na trabaho, inirerekomenda ba ng pantahananang kawani ang indibiduwal sa naaangkop na ahensiya/mapagkukunan na komunidad?
- Mayroon bang opsyon ang indibiduwal na kontrolin ang kanilang mga personal na mapagkukunan, gaya ng naaangkop?

Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? Oo Hindi

Pakipaliwanag: [Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.](#)

Pederal na Kinakailangan #2:

Pinipili ng indibiduwal ang setting mula sa mga opsyon ng setting, kasama ang walang kapansanan na mga partikular na setting at opsyon para sa pribadong unit sa isang setting na pantahanan. Ang mga opsyon ng setting ay tinutukoy at idinodokumento sa plano ng serbisyo na nakatuon sa tao at binabatay sa mga pangangailangan, kagustuhan, at, para sa mga setting na pantahanan, mga available na mapagkukunan para sa kuwarto at pagtuloy.

Gabay:

- Ang provider ba ay mayroong kasalukuyang Plan na Pang-indibiduwal na Programa (Individual Program Plan, IPP) na nasa file para sa lahat ng indibiduwal?
- Naidodokumento ba ang bawat IPP ng indibiduwal ang iba't ibang mga opsyon ng setting na isinaalang-alang bago piliin ang setting na ito?

Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? Oo Hindi

Pakipaliwanag: [Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.](#)

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO**

<p><u>Pederal na Kinakailangan #3:</u> <i>Tinitiyak ang mga karapatan ng indibiduwal sa pagkapribado, dignidad at respeto, at kalayaan mula sa pamimilit at pagpigil.</i></p>	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipinapaalam ba ng provider sa mga indibiduwal, sa isang paraan na mauunawaan nila, ang tungkol sa kanilang mga karapatan sa pagkapribado, dignidad, respeto, at kalayaan mula sa pamimilit at pagpigil? • Nakikipag-ugnayan ba ang provider, nang sinasabi at isinusulat, sa isang paraan na tumitiyak sa pagkapribado at pagiging kumpidensyal? • Nakikipag-ugnayan ba ang kawani sa mga indibiduwal batay sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan, kasama ang alternatibong mga pamamaraan ng pakikipag-ugnayan kung saan kinakailangan (hal., pantulong na teknolohiya, Braille, malalaking letra ng font, sign language, wika ng kalahok, atbp.)?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	
<p><u>Pederal na Kinakailangan #4:</u> <i>Ino-optimize pero hindi pinamamahalaan ang inisiyatiba ng indibiduwal, pagsasarili, at kalayaan sa paggawa ng mga pagpipilian sa buhay, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, araw-araw na mga aktibidad, aktwal na kapaligiran, at kung kanino makikipag-ugnayan.</i></p>	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagbibigay ba ang provider ng araw-araw na mga aktibidad na binabatay sa mga pangangailangan at kagustuhan ng indibiduwal? • Inaayos ba ng provider ang kanilang suporta para makipag-ugnayan ang indibiduwal sa mga indibiduwal na pinipili nilang makipag-ugnayan, sa setting na pantahanan at sa komunidad? • Inaayos ba ng provider ang kanilang suporta para makalahok ang indibiduwal sa mga aktibidad na interesado sila at tumugon sa kanilang mga layunin ng sa IPP?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO**

Pederal na Kinakailangan #5:

Pinapangasiwaan ang pagpili ng indibiduwal hinggil sa mga serbisyo at suporta, at kung sino ang nagbibigay sa kanila.

Gabay:

- Sinusuportahan ba ng provider ang mga indibiduwal sa pagpili kung sinong kawani ang nagbibigay ng kanilang pangangalaga sa lawak na available ang alternatibong kawani?
- Mayroon bang pagkakataon ang mga indibiduwal na baguhin ang kanilang mga serbisyo at/o sabihin ang kanilang mga alalahanin nang wala sa naka-schedule na pagsusuri ng mga serbisyo?

Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? **Oo** **Hindi**

Pakipaliwanag: [Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.](#)

Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS) FORM NG KONSEPTO

Ang mga provider lamang ng mga serbisyo na nasa **mga setting na pagmamay-ari ng provider o kontroladong pantahanan** ang kailangang kumumpleto sa natitira sa pagsusuring ito. Sa **mga setting na pagmamay-ari ng provider o kontroladong pantahanan**, dagdag sa mga kinakailangan na nasa itaas, ang mga sumusunod na kinakailangan ay dapat din matugunan:

Pederal na Kinakailangan #6:

Ang unit o tirahan ay isang partikular na aktwal na lugar na maaaring maging pagmamay-ari, upahan o tirahan sa ilalim ng legal na maipapatupad na kasunduan ng indibiduwal na tumatanggap ng mga serbisyo, at sa pinakamababa, ang indibiduwal ay mayroong parehong mga responsibilidad at mga proteksyon mula sa pagpapaalis na mayroon ang mga nangungupahan sa ilalim ng batas para sa landlord/nangungupahan ng Estado, county, lungsod o iba pang itinalagang entidad. Para sa mga setting kung saan hindi naaangkop ang mga batas para sa landlord/nangungupahan, dapat tiyakin ng Estado na ang kasunduan sa pag-upa, paninirahan o iba pang anyo ng nakasulat na kasunduan ay gagamitin para sa bawat kalahok at na nagbibigay ng proteksyon ang dokumento na tumutugon sa mga proseso sa pagpapaalis at mga apela na maihahambing sa mga ibinibigay sa ilalim hurisdiksyon ng batas para sa landlord at nangungupahan.

Gabay:

- Gaya ng naaangkop, ang bawat indibiduwal ba ay mayroong kasunduan sa pag-upa, kasunduan sa paninirahan, kasunduan sa pagtanggap, o iba pang anyo ng nakasulat na kasunduan ng paninirahan?
- Ipinagbibigay-alam ba sa mga indibiduwal ang tungkol sa kung paano lumipat at humiling ng bagong pabahay?

Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? Oo Hindi

Pakipaliwanag: [Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.](#)

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO**

<p><u>Pederal na Kinakailangan #7:</u> <i>Ang bawat indibiduwal ay mayroong pagkapribado sa kanyang unit na tinutulugan o tinitirahan:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. <i>Ang mga unit ay mayroong mga pasukan na pintuan na maaaring i-lock ng indibiduwal, kung saan mga naaangkop na kawani lamang ang mayroong mga susi sa mga pintuan kung kinakailangan.</i> 2. <i>Ang mga unit na pinaghahatian ng mga indibiduwal ay maaaring piliing magkaroon ng kasama sa kwarto sa setting na iyan.</i> 3. <i>Mayroong kalayaan ang mga indibiduwal na maglagay ng muwebles at lagyan ng dekorasyon ang kanilang mga unit na tinutulugan o tinitirahan nang ayon sa kasunduan sa pag-upa o iba pang kasunduan.</i> 	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Mayroon bang pagpipilian ang mga indibiduwal hinggil sa mga roommate o pribadong tulong? • Mayroon bang opsyon ang mga indibiduwal ng paglalagay ng muwebles at pagdedekorasyon ng kanilang mga unit na tinutulugan o tinitirahan gamit ang kanilang sariling mga personal na item, sa isang paraan na binabatay sa kanilang mga kagustuhan? • Mayroon bang kakayahan ang mga indibiduwal na i-lock ang kanilang mga pintuan sa kwarto kapag pinili nila?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	
<p><u>Pederal na Kinakailangan #8:</u> <i>Ang mga indibiduwal ay mayroong kalayaan at suporta para kontrolin ang kanilang mga sariling iskedyul at mga aktibidad, at mayroong access sa pagkain anumang oras.</i></p>	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Mayroong bang access ang mga indibiduwal sa pagkain anumang oras? • Pinapayagan ba ng tahanan ang mga indibiduwal na magtakda ng kanilang sariling araw-araw na mga iskedyul? • Mayroon bang kumpletong access ang mga indibiduwal sa mga karaniwang pasilidad sa tahanan katulad ng kusina, lugar para kumain, labahan, at kumportableng upuan sa mga lugar na may kahati?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO**

<p><u>Pederal na Kinakailangan #9:</u> <i>Anumang oras, maaaring magkaroon ng mga bisita ang mga indibiduwal kung pipiliin nila.</i></p>	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Malugod bang tatanggapin ang mga bisita para bisitahin ang tahanan anumang oras? • Maaari bang sumama ang mga indibiduwal sa mga bisita sa labas ng tahanan; katulad ng para kumain o mamili, o para sa mas matagal na pagbisita sa labas ng tahanan, katulad ng mga piyesta opisyal at weekend?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	
<p><u>Pederal na Kinakailangan #10:</u> <i>Ang setting ay aktwal na naa-access ng indibiduwal</i></p>	<p><u>Gabay:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Mayroon bang kalayaan ang mga indibiduwal na kumilos sa loob at labas ng tahanan o sila ay partikular na pinaghihigpitan sa isang kuwarto o lugar? • Available ba ang mga hawakan, mga upuan sa banyo, mga rampa para sa mga wheelchair, atbp., para ang mga indibiduwal na kailangan ang mga suportang ito ay maaaring gumalaw sa setting na pipiliin nila? • Naa-access ba ng bawat indibiduwal ang mga appliance at furniture?
<p>Natutugunan ba ng serbisyo at/o programa ang hinihiling na ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Pakipaliwanag: Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto.</p>	

**Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO****IMPORMASYON NG CONTACT**

Pangalan ng Contact: _____

Numero ng Telepono
ng Contact: _____

Email Address: _____

PAGTANGGAP

Sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahon na nasa ibaba, tinatanggap ko na ang pagkumpleto sa pagsusuring ito ay para lamang sa layunin ng pag-aapply para sa pagpopondo ng pagsunod at hindi pinapalitan ang darating na mga pagtatasa ng provider na maaaring hilingin ng Kagawaran para matukoy ang pagsunod ng provider sa mga tuntunin ng mga setting ng HCBS.

 SUMASANG-AYON AKO

Ang mga dati nang vendor ng panlalawigang sentro ay maaaring tumanggap ng pagpopondo para gumawa ng mga pagbabago sa mga setting ng serbisyo at/o mga programa para tulungan sila na sumunod sa mga tuntunin ng HCBS. Para isaalang-alang para sa pagpopondo, dapat kumpletuhin at isumite ang form na ito ng mga vendor at ang form para sa pagsusuri ng pagsunod ng provider (provider compliance evaluation form) bilang isang packet, sa panlalawigang sentro na mayroon itong pangunahing proseso para sa pagkakakilanlan, pagpili at paggamit ng mga nagbibigay serbisyo batay sa kanilang mga kwalipikasyon at iba pang mga kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyo sa consumer (vendorization).

Mga Tagubilin:

- Dapat gamitin ang form ng konsepto na nasa susunod na pahina, hindi maaaring lumampas sa tatlong pahina, at dapat ay manatiling nasa Arial 12-point na font. Isumite ang form nang nasa Microsoft Word.
- Para sa mga provider na namamahala sa mga programa na maraming numero ng vendor, maaari isumite ang isang form para sa pagsusuri at form ng konsepto, basta't naaangkop ang plan sa lahat ng nakalistang mga numero ng vendor.
- Dapat malinaw na isasaad ang mga resulta ng pagsusuri sa seksyong tumutukoy sa pagkilala ng mga hinihiling ng pederal na kasalukuyang hindi sinusunod, na tutugunan ng konsepto.
- Ilarawan kung paano makakamit ng pagpapatupad ng konsepto ang pagsunod, kabilang ang mga inaasahang kalalabasan.
- Ang mga konsepto ay dapat magawa sa pamamagitan ng paraan na idinisenyo para tulungan at suportahan ang isang tao, na may iminumungkahing mga pagbabago/aktibidad na nakatuon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng mga tumatanggap ng mga serbisyo.
- Ipaliwanag kung paano hahantong ang pagpopondo sa napapanatiling mga resulta ng pagsunod.
- Ang tinatantiyang budget at nakatakhang panahon ay hindi kailangang detalyado sa puntong ito, ngunit dapat kasama ang lahat ng pangunahing gastos at mga basehan.

Mga halimbawa ng dati nang pinondohang mga konsepto:

- Natukoy ang pangangailangan pati rin ang magmungkahi ng plano para magbigay ng pakikipag-ugnayan at impormasyon hinggil sa mga tuntunin ng HCBS sa mga consumer at mga miyembro ng kanilang mga team na nagbibigay ng suporta.
- Tinalakay ang pangangailangan para sa karagdagang pondo para epektibong suportahan ang mga consumer sa higit pang magkakahiwalay na batayan para mapagtagumpayan ang mga hadlang sa pagsama sa komunidad at trabaho, gaya ng naaangkop.
- Inuuna ang mga kagustuhan ng mga consumer at ginagamit ang feedback ng consumer sa paggawa ng konsepto.
- Pagbibigay ng sertipikasyon ng sanayin ang trainer sa pagpapalano/pag-iisip na nakatuon sa tao at pagsasanay tungkol sa mga tuntunin ng HCBS.

Makikita ang higit pang impormasyon sa mga tuntunin ng HCBS at ang form na ito sa www.dds.ca.gov/HCBS.

Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO

Pangalan ng vendor	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
(Mga) Numero ng vendor	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Pangunahing panlalawigang sentro	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
(Mga) uri ng serbisyo	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
(Mga) code ng serbisyo	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Bilang ng mga consumer na kasalukuyang pinaglilingkuran at kasalukuyang ratio ng kawani sa consumer.	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Ikaw ba o ang organisasyong pinagtatrabahuhan mo ay nakatanggap dati ng Pondo ng HCBS?	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan ng serbisyo/setting na may kasamang bumubuo sa karaniwang araw at kung paano kasalukuyang ibinibigay ang mga serbisyo; isama ang mga hadlang sa pagsunod sa mga tuntunin ng HCBS.	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Tukuyin kung alin sa mga hinihiling ng pederal ng HCBS ang tinutugunan ng konseptong ito na kasalukuyang hindi sinusunod.	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto
Salaysay/paglalarawan ng konseptong ito; isama ang pagpapatunay para sa paghiling ng pondo at ipaliwanag kung paano makakamit ng konseptong ito ang mga iminumungkahing kalalabasan.	Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto

Mga Tuntunin ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)
FORM NG KONSEPTO

Mangyaring ilarawan ang iyong pamamaraan na nakatuon sa tao ² sa proseso ng paggawa ng konsepto; paano mo isinama ang mga indibiduwal na binibigyan mo ng mga serbisyo?	<u>Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto</u>
Tinutugunan ba ng konsepto ang hindi natugunan na pangangailangan ng serbisyo o mga pagkakaiba ng serbisyo? Kung oo, paano?	<u>Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto</u>
Tinatangiang budget at takdang panahon; tukuyin ang lahat ng pangunahing gastos at mga basehan — tinatangiang ang mga kalakip.	<u>Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto</u>
Kabuuang hiniling na halaga.	\$ <u>Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto</u>
Ano ang plano mo para mapanatili ang mga benepisyo, halaga at tagumpay ng iyong proyekto sa pagtatapos ng 2018-19 na Pagpopondo ng HCBS?	<u>Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng teksto</u>

² Binibigyang-diin ng pamamaraan na nakatuon sa tao kung ano ang mahalaga sa indibiduwal na tumatangiang ng mga serbisyo at nakatuon sa mga personal na kagustuhan, kasiyahan, at pagpipiliang mga suporta sa pag-access ng kumpletong benepisyo ng paninirahan sa komunidad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kasanayan na nakatuon sa tao, pakibisita ang www.nasdds.org/resource-library/person-centered-practices.